

Ano na ang nangyayari ngayon sa monkeypox?

Simula noong Mayo 13, 2022, ang pagsiklab ng monkeypox sa maraming bansa kung saan hindi ito karaniwang natatagpuan ay naiulat na. Ang mga kasalukuyang kaso ay nag-ulat ng walang kaugnayan sa mga nahawahang hayop o paglalakbay sa lugar kung saan ang sakit na ito ay mas pangkaraniwan. Maraming mga lugar sa Amerika (US) ay may mga tinukoy na kaso kabilang ang mga kasong nalaman sa California.

**KUNG SA TINGIN MO AY
MAYROON KANG MONKEYPOX,
MANGYARING MAKIPAG-UGNAYAN
SA IYONG TAGAPAGBIGAY NG
PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN.**



**KUNG WALA KANG TAGAPAGBIGAY O
SEGURO SA KALUSUGAN, TAWAGAN ANG
2-1-1 O BISITAHIN ANG KLINIKA NG
PAMPUBLIKONG KALUSUGANG SEKSWAL
NA MALAPIT SA IYO.**

**IISKAN DITO PARA
MAKAHANAP NG KLINIKANG
PANGKALUSUGANG SEKSWAL**



**Para sa mas marami pang impormasyon
sa Monkeypox, bisitahin ang:**

ph.lacounty.gov/media/Monkeypox/
(Tagalog) Revised 6/30/2022

ANO ANG DAPAT MONG MALAMAN TUNGKOL SA MONKEYPOX SA LA COUNTY



**COUNTY OF LOS ANGELES
Public Health**

Mahahalagang Mensahe

- Hindi madaling kumakalat ang monkeypox sa bawat tao.
- Sa kasalukuyan ay walang partikular na aprubadong paggamot para sa impeksyon ng monkeypox virus, ngunit maaaring gamitin ang ilang medikasyon para pagaanin ang mga sintomas.
- Para tumulong mapigilan ang monkeypox, iwasan ang kontak sa tao na maaaring may monkeypox virus, iwasan ang kontak sa mga materyales na nagkaroon ng kontak sa may sakit na tao, at magsanay ng mabuting kalinisan ng kamay pagkatapos ng kontak sa mga nahawahang hayop o tao.

Ano ang monkeypox?

Ang monkeypox ay isang bihirang sakit na sanhi ng impeksyon sa monkeypox virus na maaaring magbigay ng sakit sa iyo. Karaniwan itong natatagpuan sa labas ng Amerika (US), gayunpaman, maraming kaso ng monkeypox ang kamakailang naiulat na sa California at Los Angeles County.



Paano naikakalat ang monkeypox?

Ang monkeypox ay naikakalat kapag ang tao ay nagkaroon ng malapitang pakikisalamuha sa taong nahawahan ng monkeypox virus o kapag ang tao ay nagkaroon ng kontak sa mga materyales (hal., mga kumot, tuwalya) na kontaminado ng virus. Ang monkeypox virus ay maaari ring kumalat mula sa mga hayop papunta sa mga tao.

Ang monkeypox virus ay maaaring maikalat sa pamamagitan ng:

- Paghawak sa mga sugat ng monkeypox na nasa balat ng tao
- Paghawak sa mga kontaminadong bagay, tela (mga damit, kumot, tuwalya), at mga ibabaw na nagkaroon ng kontak sa taong may monkeypox
- Pagkakaroon ng kontak sa mga maliliit na patak ng paghinga o mga inilalabas mula sa mga mata, ilong at bibig mula sa taong may monkeypox

Para mapigilan ang pagkalat ng monkeypox virus, dapat na iwasan ng mga tao ang:

- Pakikipagtalik sa pamamagitan ng bibig, puwit, ari ng babae o paghawak sa mga ari o butas ng puwit ng taong may monkeypox
- Pagyakap, pagmamasaha, pakikipaghalikan, o pakikipag-usap nang malapitan sa taong may monkeypox
- Paghawak sa mga pinagsasaluhang tela, pinagsasaluhang ibabaw at mga bagay (hal., mga laruang sekswal) na ginamit ng taong may monkeypox

Ano ang mga palatandaan ng monkeypox?

Ang mga maagang palatandaan ay maaaring kabilangan ng lagnat, karamdaman (pangkalahatang pakiramdam ng pagkaasiwa), sakit ng ulo, namamagang mga kulani, at paminsan-minsan ay ubo o nananakit na lalamunan. Ang iba pang mga sintomas ay kinabibilangan ng sakit ng kalamnan, sakit ng likod, pagkaginaw, at pagkapagod, kasunod ng pantal na karaniwang nagsisimula sa mukha at kumakalat sa iba pang bahagi ng katawan. Ang mga impeksyon ay maaaring tumagal ng dalawa hanggang apat na linggo. At ang ilan ay nagkakaroon lamang ng pantal na mayroon o walang namamagang mga kulani, na maaaring maganap sa mga ari.



Lagnat at Sakit ng Ulo



Sakit ng Kalamnan



Pantal, Bukol, o Paltos



Namamagang mga Kulani



PAGGAMOT AT PAGPAPABAKUNA:

Sa oras na ito, walang partikular na mga aprubadong paggamot para sa mga impeksyon ng monkeypox. Gayunpaman, ang medikasyon, tulad ng mga kontra-virus (antivirals) ay maaaring gamitin para pagaanin ang mga sintomas ng sakit. Sa ilang mga kaso, maaaring magbigay ng bakuna para mapigilan ang sakit pagkatapos ng pagkakalantad sa monkeypox virus. Mangyaring talakayin sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider) ang mga makukuhang pagpipilian sa paggamot.